Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

20 AUG 2026

18 Agosto 2026 2026-08-423 rp

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 423 s. 2026

**PAALALA AT GABAY SA PAGKUHA NG SERBISYO NG MGA PANLABAS NA TAGAPAGTURO SA ARAL PROGRAM**

Sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng CID at OIC-PSDS
Mga Punung-guro ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Mga Guro sa Filipino

1. Kaugnay ng mga napagkasunduan sa isinagawang Orientation-Conference on the Engagement of External Tutors noong Agosto 12, 2026, mula 1:30 ng hapon hanggang 4:22 ng hapon, ang lahat ng School Heads ay muling pinaaalalahanang tiyakin ang wasto at alistong pagpapatupad ng ARAL Program lalo't higit ang pagtatalaga ng Non-DepEd (external) tutors maging ang mga DepEd tutors.

2. Alinsunod dito, inaasahang isaalang-alang ang sumusunod:

**A. Mga Paaralang may UNDERLOAD NA MGA GURO**

Ang mga paaralang may mga gurong may underload ay dapat munang bigyan ng pagkakataong humawak ng mga klase sa ARAL at makompleto ang kinakailangang anim (6) na oras na pagtuturo (teaching load) bago kumuha o makipag-ugnayan sa external tutors.

**B. Mga Paaralang MAY EXTERNAL TUTORS na nagsimula na ng ARAL sesyon noong Hulyo**

Ang mga paaralang walang underload na guro na nakakuha na ng external tutors at nagsimula ng ARAL classes noong Hulyo 2026, matapos matukoy at makilala ang mga ARAL learners, ay maaari nang kompletuhin at isumite ang lahat ng kinakailangang dokumento.

Layunin nito na mapadali ang pagproseso ng unang honorarium ng mga tutor sa Setyembre 2026, alinsunod sa pagkakompleto at bisa ng lahat ng kinakailangang dokumento.

**Takdang petsa ng pagsusumite ng kompletong dokumento: Agosto 27, 2026.**

**C. Mga Paaralang WALANG EXTERNAL TUTORS – ARAL Classes na Hawak ng mga DepEd Teachers bilang Bahagi ng Kanilang Regular na Teaching Load**

Ang mga paaralang walang external tutors kung saan ang ARAL classes ay hinahawakan ng mga DepEd teachers bilang bahagi ng kanilang regular na anim (6)-na-oras na teaching load, at kung saan nagsimula na ang mga klase noong Hulyo o Agosto 2026, ay pinapayuhang ipagpatuloy ang pagpapatupad ng ARAL classes.

**D. Mga Paaralang WALANG EXTERNAL TUTORS – ARAL Classes na hawak ng mga DepEd Teachers bilang OVERLOAD**

Ang mga paaralang walang external tutors kung saan ang ARAL classes ay hinahawakan ng mga DepEd teachers bilang overload teaching, at kung saan nagsimula na ang mga klase noong Hulyo 2026, ay kinakailangang sumunod sa lahat ng itinakdang

documentary requirements para sa paghiling at pagproseso ng kaukulang bayad, alinsunod sa umiiral na mga tuntunin at regulasyon ng DepEd.

**E. Mga Paaralang MAY EXTERNAL TUTORS ngunit HINDI PA NAKAPAGSISIMULA ng ARAL Classes**

Ang mga paaralang nakakuha o naglalayong kumuha ng external tutors ngunit hindi pa nakapagsisimula ng ARAL sesyon ay kinakailangang ihanda at isumite ang lahat ng kinakailangang dokumento sa o bago ang **Agosto 31, 2026.**

Para sa mga paaralang ito, ang pagpapatupad ng ARAL classes na may external tutors ay magsisimula sa Setyembre 16, 2026.

3. Tungkulin ng lahat ng punong-guro na tiyaking kompleto, wasto, at maayos na nagawa ang lahat ng kinakailangang dokumento. Gamitin ang itinakdang pormularyo **(template)** bilang **patunay** ng indibidwal na **teaching load ng bawat guro** upang wastong matukoy kung ang **ARAL assignment** ay bahagi **ng regular load o overload.**

4. Ang agarang pagsumite ng kompletong mga dokumento, kasama ang **validated teaching load template**, ay makatutulong sa maayos at wastong pagproseso ng mga bayad/honorarium at sa pagtiyak ng sumusunod sa mga itinakdang patakaran sa pagpapatupad ng ARAL Program.

5. Para sa mahigpit na pagsunod at kaukulang aksiyon.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

*Kalakip sa Memorandum Pansangay Blg. ______, s. 2026*

**INDIVIDUAL TEACHER WORKLOAD TRACKING TEMPLATE**

| | |
|---|---|
| Name of Teacher: | |
| Position/Designation: | |
| Grade Level / Subject Handled: | |
| School Year: | |
| | |
| **I. TEACHING LOAD** | |
| **1. Actual Classroom Teaching** | |
| Subject(s) & Grade Level(s): | |
| Total Hours/Minutes per Week: | |
| **2. Class Advising Duties** | |
| Section Handled: | |
| **3. Class Relieving Duties** | |
| Covered Classes/ Teachers: | |
| **4. Remediation / Enhancement Classes** *(e.g., ARAL Program)* | |
| Program/Focus: | |
| Schedule & Duration: | |
| **II. TEACHER ANCILLARY TASKS** | |
| **1. Curriculum Planning** | |
| Details/Output: | |
| **2. Curriculum Delivery & Pedagogy** | |
| Details/Output: | |
| **3. Assessment of Learners' Progress** | |
| Details/Output: | |
| **4. Homeroom Guidance & Management** | |
| Details/Output: | |
| **5. For Master Teachers Coaching/Mentoring/Provision of TA** | |
| Details/Output: | |
| *Note: Teachers are allowed to accomplish school forms within the instructional block.* | |
| **III. TEACHING-RELATED ASSIGNMENTS** | |
| **1. School Coordinatorship** | |
| Role/Program: | |
| **2. Trainer / Advisorship** | |
| Club/Activity/Competition: | |
| **3. Chairmanship** | |
| Committee/Event: | |

**SUMMARY OF HOURS / SIGN-OFF**

| Category | Allocated Time (Hours/Week) | Remarks |
|---|---|---|
| Teaching Load | | |
| Ancillary Tasks | | |
| Teaching-Related Assignments | | |
| Total Workload Hours | | |

**PREPARED BY:**

Teacher Signature over Printed Name:
Date: ______________________________

**APPROVED BY:**

School Head / Principal:
Date: ______________________________


*Sto. Domingo, Lungsod Iriga*
*iriga.city@deped.gov.ph*